
A COLLECTION OF SHORT STORIES
TELL ME OVER WINE
STORIES BY VANESSA, YLANG SY, AND SINTA LAUREL

This collection was designed with short reads in mind—perfect for those moments when you're on queue for a bus, train, cab, at the doctor's office, or in line at a government agency.

To make the book feel cohesive, I edited and rewrote most of the stories so they share the same voice and flow. I chose a "confession style" for the overall tone—personal, direct, and consistent throughout.

I hope you enjoy these stories wherever life finds you with a little time to read!

Vanessa

This e-book is exclusively available for purchase through Whimsical Books Ph for personal use only. If you acquired this copy from a source other than Whimsical Books Ph, please inform us, and we'll reward you for the information.

All rights reserved. No part of this book may be copied, distributed, or transmitted in any form or by any means, including screenshots, without the prior written permission of the author, except for brief quotations used in critical reviews or permitted by copyright law for noncommercial purposes.

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

**Tell Me Over Wine,**
**a Collection of Short Stories**
Copyright © 2024 by Vanessa, Sy, Laurel
ISBN: 978-621-06-2204-1
*vanessa-writes.com*

Images and illustrations are copyrighted and used with permission from their respective owners.

Distributed by Whimsical Books Ph

A COLLECTION OF SHORT STORIES

# TELL ME OVER WINE

STORIES BY VANESSA,
YLANG SY, AND SINTA LAUREL

# *Scam*

Noong college, kilala ako bilang "Sir Javier" sa isang sikat na private university. Hindi ako teacher kundi teacher's assistant kasi scholar ako. Duty kong tumulong sa mga teacher at sa library. Dahil dito, kaya ako naging "sir." Hindi ako galing sa mayamang pamilya, pero matalino ako, kaya nakakuha ako ng full scholarship.

Hindi ako mahiyain, pero kahit anong gawin ko, siyempre hindi ako totoong kasama sa grupo ng mga

kaklase kong maykaya sa buhay. Lalo na si Dawn, ang babaeng matagal kong niligawan. Middle-class siya, simple lang pero ang ganda. Palaging nakaayos, madaming kaibigang sosyal din.

Matagal ko siyang niligawan, mga halos dalawang taon na palagi kaming magkasama. Akala ko talaga sasagutin niya ako. Close na close kami, sabay mag-lunch, sabay mag-review, sabay sa uwian. Sabi ko, may chance ako sa kanya. Pinaasa niya ako, kasi lahat ng signs, nandoon—palahawak sa akin, palaging nagtatanong kung kumain na ako, concerned kapag may exams kami, at sobrang sweet. Biglang isang araw, nalaman ko na lang na may boyfriend na pala siya. Hindi lang basta kung

sino—si Jay, ang kaibigan kong crush ng bayan. Basketball player, sikat, habulin ng mga babae, galing din sa mayamang pamilya.

Ang sakit ng ginawa ni Dawn sa sa akin. Pakiramdam ko, ginamit lang niya ako para may kasamang mag-review, maglibang, at may kakuwentuhan habang naghihintay ng tamang oras na makipaglapit sa totoong gusto niya, si Jay nga. Wala akong nagawa kundi maging kaibigan pa rin nila kahit durog na durog ako. Sila ang nagkatuluyan. Ako? Nakatapos naman ng pag-aaral, nakatanggap ng diploma, at umalis ng bansa para maghanap ng mas magandang kinabukasan.

Fast forward to a few years later, bumalik ako sa Pilipinas mula sa

Sweden. Hindi na ako si "Sir Javier." May sarili na akong negosyo, galing sa ipon ko. Noong una, gusto kong pumirmi na sa Sweden pero ang negosyong pinasimulan ko kay Tatay, lumago nang husto kaya naisip ko, susubukan ko dito sa Pilipinas kasi matatanda na rin ang parents ko.

Nakabili ako ng farm at si Tatay ang nagsimula ng hydroponics sa amin. Later on, nagpapa-seminar na siya at nagbebenta ng supplies. Noong umuwi ako, naging manufacturer na kami, nagkaroon ng connection sa China factories at tuluy-tuloy ang paglago ng negosyo.

Ngayon, madami na akong empleyado. Lahat ng pangarap ko noon, natupad na ngayon. Pero sa totoo lang,

kahit natupad ko na ang pangarap ko, parang may kulang pa rin. Siguro, gusto kong magkaron ng pamilya. May mga naging girlfriend naman ako pero hindi nagtagal. At iyong Pinay sa Sweden na pinakaminahal ko sa lahat ng ex ko, na-scam lang ako. Hiniraman ako nang hiniraman ng perang pampuhunan daw sa Pinas, magiging kasosyo daw kaming dalawa, pero tinangay lang ng hangin ang daan-daang libo. Kung tutuusin, hindi malaking halaga na tulad ng nakukuhang milyones sa iba, pero scam pa rin. At ang magaling na babae, biglang hindi na nagpakita. Puwede ko sana siyang *hantingin* pero ako na ang nahiya para sa kanya. Pinagpasadiyos ko na lang.

Isang araw, nagulat ako nang makita

ko si Dawn habang nagla-lunch ako sa isang kainan sa amin. Base sa uniform niya, office staff siya sa pabrika ng electronics. Tumanda siya nang konti siyempre, pero maganda pa rin. Nalaman ko sa mga kaibigan namin na naghirap ang pamilya nila matapos mamatay ang tatay niya, at hindi sila nakabangon financially.

Kumaway siya sa akin at nagkumustahan kami. Hiningi niya ang number ko dahil baka raw may marekomenda siyang gustong magsimula ng hydroponics.

Pagkatapos noon, napansin ko agad na parang nagpapapansin si Dawn sa akin. Simula nang nagkrus ulit ang landas namin, madalas niya akong kinakausap sa chat. Palaging

nagkukuwento, nagtatanong tungkol sa negosyo ko, at palaging nagpapadala ng pics niya na nakangiti, mga maiiksing video message na hello daw, ganoon. Palaging ang ganda ng ngiti. Makailang ulit din na nadadaan sa opisina, `tapos minsan nagyayayang kumain. Sa totoo lang, kahit ayokong bigyan ng malisya sana, hindi ko maiwasang maisip na nagpapa-cute ba. Hindi naman ako manhid. Hindi na rin naman bago sa akin. Nagji-gym ako, healthy living, at siyempre kailangang medyo pogi kapag nasa sales, hindi ba? Pero kahit alam kong may mga babae naman talagang lumalapit sa akin, lalo na ngayon na nakakaangat-angat na tayo, hindi ko maiwasang magduda kay Dawn. Noon, pinagpalit ako kay Jay kahit nagpa-cute

din. Ngayon, biglang nagpaparamdam na naman. Pero ngayon, may ebidensiya na ako. Hindi naman siguro normal na halos araw-araw padadalhan ka ng video ng babae, kahit magtatanong lang kung nananghalian ka na, merienda, hapunan.

Isang beses, inimbitahan kami ng dati naming kaklase sa isang outing sa Batangas. Sumama ako. Ang totoo, gusto ko lang makita kung ano talaga ang intensyon ni Dawn. Doon ko siya mas matatantiya, at doon ko rin malalaman kung totoong nagbago na ba ang feelings niya o pera lang talaga ang habol niya. Ang hirap kasi kay Dawn, nagkamali na ako ng tantiya noon sa kanya at ayoko nang magkamali ulit.

Pagdating namin sa beach resort,

doon ko nasiguradong nagpapapansin talaga siya sa akin. Palaging nakatitig, tumatabi sa akin sa group photos, at ang hilig humawak—kakapit sa braso ko, ididikit ang katawan sa akin, ipapatong ang kamay sa hita ko, mga ganoon ba. Naalala ko na naman ang noon, pero mas malupit ngayon. Hindi ko rin masabing normal siyang ganoon dahil sa ibang lalaki, medyo aloof siya.

Kinagabihan, nag-swimming kami. Sobrang sexy ng bikini. Parang gusto niyang kunin ang atensiyon ko, niyayaya ako, hindi na umaalis sa tabi ko. Dahil nakainom na rin ako, hindi ko naiwasang mapansin ang bawat galaw niya. Mas lalo pa niyang dinidikit ang sarili niya sa akin. Hindi ako tanga para hindi maintindihan ang gusto niyang

mangyari. Lalaki lang ako at medyo mainit na talaga ako sa kanya kaya `ayun, may nangyari sa amin.

Matapos ang gabing iyon, parang naging boyfriend-girlfriend na kami. Lagi na siyang nagpapakita, nagpapadala ng sweet messages, nagpapakita sa opisina ko, halos araw-araw nang tumatawag, at “love” na ang tawag sa akin. Isang araw, biglang nagpalit ng status sa Facebook, in a relationship daw siya with me. Hindi ko maiwasang maging alerto. Duda ko pa rin na baka may ibang motibo.

Isang araw, habang nagkukuwentuhan kami, nabanggit niya na gusto niyang magtayo ng negosyo. May balak daw siyang magbukas ng tindahan ng sabon at

cleaning products. Bigla akong kinabahan kasi naisip ko na nagpaparinig na, na baka mangutang ng pampuhunan. Ganoon din kasi ang ginawa ng ex ko. Napansin ko rin na mas naging malambing si Dawn matapos niyang banggitin iyong pagsisimula ng negosyo. Kaya noong hindi ko na matiis, tinapat ko na siya.

Sabi ko sa kanya, wala akong mapapahiram sa kanyang puhunan, kung iyon ang tinutumbok niya. Saka kako, bakit parang na-corner ako para maging kami, eh, hindi ko naman siya niligawan, `tapos biglang love na ang tawag niya sa akin. Facebook nga lang kako ang nagsabi sa akin na kami na. Sinabi ko rin na parang siya lang ang bumuo ng relasyon namin. Wala

naman kako akong sinasabi sa kanya at nahihiya lang ako sa kanya kaya oo lang ako nang oo, pero kung inaasahan niyang magpapaluwal na ako sa mga negosyong balak niyang itayo, hindi ako kako makakaoo sa kanya.

Ayokong sabihin sa kanya ang mga `yon dahil alam ko naman na mapapahiya siya pero hindi ko maiwasang hindi maalala ang nangyari noon sa akin. Baka mamaya manghihiram na lang siya ng pera sa kung kanino, at pangalan ko ang gamitin. Hindi natin masabi sa panahon ngayon. `Yong ex ko nga, balak ko sanang pakasalan, ini-scam lang ako. Itong si Dawn, ang tagal naming hindi nagkita at nagkasama, `tapos biglang parang gustong-gusto na

niya ako.

Tahimik lang siya. Halata kong nasaktan siya sa mga sinabi ko. Nag-iwas siya ng tingin at nagpaalam na rin matapos sabihin na naiintindihan daw niya. Umiwas na siya sa akin nang tuluyan pagkatapos noon. Binago na niya ang status niya, single na ulit. Nag-post siya ng picture niyang nakangiti, simple lang. Wala siyang post na parinig, walang post na patama.

Putsa, para akong sinuntok sa dibdib. Napaka-classy nitong babaeng tinaboy ko at hindi man direkta, inakusahan kong scammer. Na uutangan ako kaya ako ginawang boyfriend.

Pero noong una, inisip kong tama lang ang nangyari. Pero habang tumatagal, nami-miss ko siya. Palagi

kong iniisip na baka nakonsiyensiya lang ako dahil nasaktan ko siya, pero hindi ko siya maalis sa isip ko. Gusto ko siyang makita, kausapin, mag-sorry. Palagi ko siyang naalala kahit kumakain ako, o may trabaho. Kumusta na kaya siya? Saka kung gusto niyang magsimula ng negosyo, bakit nagdamot ako? Meron naman akong mapapahiram.

Isang araw, nagulat ako nang makita ko sa social media na nakapagbukas na si Dawn ng sarili niyang tindahan ng sabon at cleaning products. May maliit siyang puwesto sa bahay nila. Mga simple at murang produkto lang, pang-masa. Doon ko naisip na mali ang hinala ko—hindi naman pala niya ako balak utangan. Talagang matagal na

siguro siyang nag-iipon para makapagpatayo ng sariling negosyo. Nag-share lang siya sa akin dahil siguro masaya siya sa plano niya. Nakonsiyensiya ako nang sobra.

Sinubukan kong makipag-usap ulit sa kanya. Pero ramdam kong galit pa rin siya. Hindi niya ako pinapansin, at parang naging malamig na ang trato niya. Isang beses, pinrangka niya ako, sabi niya sa akin, “Ang kapal ng mukha mong isipin na ginagamit lang kita. Sino ka ba sa tingin mo? Di kung ayaw mo sa `kin, `wag! Feeling mo pinilit kita, eh, noong unang may mangyari sa atin at sa tuwing may mangyayari sa atin, ikaw ang atat na atat! `Tapos `yon pala, ako ang iniisip mong naghahabol sa `yo. Kapal ng mukha mo! Isaksak mo

sa baga mo ang pera mo! `Di ko `yan kailangan!”

Umiiyak siya habang sinasabi `yon, kaya niyakap ko siya at sinubukan siyang patahanin. Napahiya rin ako sa sinabi niya dahil totoo.

Nag-sorry ako nang nag-sorry. Simula noon, nagsimula akong bumawi. Pinakita ko sa kanya na seryoso ako sa paghingi ng tawad, at ginawa ko ang lahat para makuha ulit ang tiwala niya.

Inamin niya sa akin na noong college pa siya may gusto sa akin pero dahil sa pagbubuyo ng mga barkada niya, sinagot niya si Jay kasi sikat sa campus. Hindi raw niya ako nalimutan ever since. Kaya pala noong magkita kami, siya ang lumalapit sa akin kasi matagal

na niyang iniisip na babawi siya kung magkikita kami ulit. Ako namang si tanga, iba ang inisip.

Nang lumaon, unti-unti kaming bumalik sa dating samahan, pero mas matibay ngayon. Hindi ko lang siya basta-basta hinabol, talagang pinakita ko sa kanya na seryoso ako at handa akong ayusin ang mga pagkakamali ko. Mas nakilala ko siya nang mas malalim, at mas naisip kong hindi lang siya ang babaeng pinangarap ko noong college kami—siya ang babaeng mahal ko ngayon, mas malalim pa sa dati.

Nagpakasal kami makalipas ang isang taon. Nagsimula kami ng bagong buhay. Naisip kong hindi lahat tungkol sa pera. Ang hirap lang sa aking ma-realize noon kasi lumaki akong walang-

wala kaya importante sa akin ang pera. Hindi ko naisip na hindi sa lahat ng pagkakataon, iyon ang pinakamahalaga sa ibang tao, tulad na lang ni Dawn.

Araw-araw, may natuturo sa aking maganda si Misis. At araw-araw, paganda nang paganda si Kumander. Lagot sa akin `to mamayang gabi.

# *My Groom's Kuya*

Ako si Mia, twenty-eight, web developer. Dalawang taon na ang nakalipas mula noong iniwan ako sa altar ng groom ko, si Marco. Hindi ako makapaniwala sa nangyari noon. Ang akala ko, magiging pinakamasayang araw ng buhay ko, pero imbes na ikasal ako, napahiya pa ako sa harap ng madaming tao. No explanation, no calls, no texts—nothing from Marco that day. Sobrang sakit, lalo na wala na akong mga magulang o kahit sino sa

pamilya ko na masasabi kong ka-close ko talaga para damayan ako.

Naaksidente ang parents ko noong college ako. Mabuti na lang tinulungan ako ng tita kong OFW sa Dubai na makapagtapos; pero hindi rin siya palaging nandiyan. Mag-isa lang ako kahit sa bahay na naiwan ng parents ko. Kaya nang inabandona ako ni Marco sa mismong araw ng kasal namin, wala akong choice kundi kayanin lahat nang solo.

Ang pamilya ni Marco, hindi rin sumipot. Halos lahat sila, hindi nagpakita. Nag-iisa lang sa partido nila ang dumating, isang taong hindi ko inaasahan na makakasama ko sa pinakamadilim na oras ng buhay ko—si Lucas, ang kuya ni Marco.

Thirty-seven na si Lucas, much older sa amin ni Marco. Kakauwi lang niya the day before the wedding from London para umatend nga sana sa kasal. Hotel manager ang tatay nila doon, si Lucas naman, chef. Hindi kami masyadong close noong bago siya magpunta sa London kasi high school sweethearts kami ni Marco, at noong mga panahong iyon, college na si Lucas. Iyon ang dahilan kaya mabilis din siyang nawala sa eksena at lumipad papuntang London. Hindi rin siya madalas umuwi kaya hindi ko talaga siya nakilala nang lubusan, kahit ilang family gatherings pa ang napuntahan ko.

Pero noong araw nga ng kasal, siya lang ang dumating. Hindi din siya

makapaniwala sa nangyari—pareho kaming shocked. Apparently, sinabihan lang siya ng mama niya noong nasa simbahan na siya. Sa pagkakaalam ko, hindi siya ganoon ka-close sa family niya. May sarili din siyang bahay na malayo sa kanila.

Naalala ko pa ang pagod na expression niya habang kinakausap ako pagkatapos kong malaman na hindi na nga darating si Marco. Lumalabas na siya rin ang ipinain. Involuntary representative ng pamilya kumbaga.

Wala akong lakas para magalit, para magwala. Pagod na pagod ako, emotional, at wala akong ibang kakampi sa sandaling iyon. Si Lucas ang naghatid sa akin pabalik ng hotel, parang siya na lang ang may pakialam

sa nangyari. Noon ko lalong naramdaman na parang walang totoong concern sa akin ang ibang kamag-anak ko. Parang mga masabi lang na kamag-anak. Sa isang banda, paano ko sila masisisi kung hindi naman kami ganoon ka-close para samahan nila ako sa mga problema ko?

Pagbalik sa hotel suite na para sana sa honeymoon namin ni Marco, doon na bumuhos ang lahat ng nararamdaman ko. Hindi ko na napigilan. Iyak lang ako nang iyak. Hindi ko nga alam kung nasaan na ang ibang bisita. Ang mga kaibigan ko, hindi ko na rin alam kung paano sila umuwi. Sa totoo lang, isa lang ang best friend ko at nasa Amerika naman siya, hindi nakauwi para sa kasal kahit siya

sana ang matron of honor ko. May anak na rin kasi siya, may pamilya doon. Basta nandoon lang ako sa suite, kasama si Lucas, pareho kaming tahimik.

Nagsimula akong uminom. Uminom na rin siya kapipilit ko. At nalasing ako. Ayoko nang maramdaman lahat ng sakit, gusto ko lang makalimutan kahit sandali lang. At si Lucas, nandoon lang sa tabi ko, tahimik na nakikinig. Hindi siya nagtanong, hindi niya ako pinilit magsalita. Just being there was enough. Galit na galit ako kay Marco, sa pamilya niya, at kahit sa sarili ko. Paano niya nagawa iyon sa akin? Bakit ako iniwan nang ganoon na lang? Anong kasalanan ko? Saan ako nagkulang?

Hindi ko na namalayan kung paano

nagsimula, pero sa gabing iyon, nagkamali ako ng desisyon. Hindi ako vindictive na tao pero ginusto kong gumanti. I wanted to feel something, anything, aside from the emptiness and hurt that were consuming me.

May nangyari sa amin ni Lucas.

It wasn't about love or anything romantic. It was all about anger, frustration, and desire to forget. Alam kong mali, pero sa sandaling `yon, parang wala nang tama o mali. Gusto ko lang mawala yung sakit kahit saglit lang.

Pagkatapos ng gabing iyon, balik reality na ako. Alam kong hindi tama ang nangyari, pero hindi ko rin alam kung paano haharapin si Lucas pagkatapos; kaya the next morning,

nagmadali akong umalis. Gusto ko lang takasan ang kalat na ginawa ko.

After a few weeks, akala ko matatapos na ang lahat ng ito, pero hindi pala. Napansin kong hindi ako dinadatnan, at hindi nagtagal, na-confirm ko ang kinatatakutan ko. Buntis ako. At si Lucas ang ama, sure ako.

Hindi ko alam kung paano sasabihin kay Lucas. We weren't close before, and now we had this huge complication between us. Pero kailangan kong ipaalam sa kanya. Ayoko ng drama, ayoko ng gulo, pero ayoko ring itago ang totoo. Sinabi ko kay Lucas, at in fairness sa kanya, he took responsibility. Hindi siya nagalit, hindi niya ako sinisi, hindi niya ako iniwan tulad ng ginawa ng

kapatid niya.

Sabi niya, kailangan naming gawin ang tama. Hindi ko alam kung paano niya nasabi iyon nang kalmado lang, considering the situation.

So we got married. Civil wedding lang, tahimik, walang malaking seremonya. Para lang sa baby. Hindi ko siya mahal, hindi rin niya ako mahal, pero ginawa lang namin ang sa tingin namin tama.

Lumipas ang dalawang linggo, bumalik siya sa London. Simple lang ang buhay namin, pero puno ng awkwardness. Dalawang hindi magkakilala ba naman ang nagpakasal. Parang gusto kong magsisi at tinanong ko din sa sarili ko kung bakit parang biglang palaging mali ang mga desisyon

ko noong huli.

Parang hindi namin alam kung paano i-navigate ang bagong setup namin. Alam namin pareho na hindi kami nagpakasal for the right reasons. Nabuntis ako, that's it. At siguro sa part niya, may guilt dahil iniwan na ako ng kapatid niya, `tapos nabuntis pa niya ako sa mismong araw na dapat pinakasalan ako ng kapatid niya. Siguro naisip niyang walang hustisya kung aabandonahin din niya kami ng anak niya.

Hindi kami open sa isa't isa about our feelings at sa nangyari noong gabing iyon. After ng kasal, sobrang awkward nga kaya ni wala kaming honeymoon. Then bumalik na rin siyang London.

The months passed slowly. Lucas and

I communicated regularly, pero napaka-mechanical ng usapan namin. Itatanong niya kung kumusta ang pagbubuntis ko, kung kumusta ang pakiramdam ko, ia-update ko siya. Repeat till fade. Wala akong masabing deep connection. At tuwing makikita ko siya sa video calls, hindi ko pa rin maalis sa isip ko na ginagawa niya lang iyon out of guilt—out of a sense of duty kasi sila ng kapatid niya ang naglagay sa akin sa ganitong sitwasyon in a way. Siyempre, kasalanan ko rin `yong nangyari sa amin pero feeling ko talaga, guilty siya kasi responsable siyang tao bilang panganay ng anak.

Dumating ang araw ng panganak ko. Nasa hospital ako, mag-isa, at bigla na lang, nandoon si Lucas sa tabi ko. Hindi

ko alam kung paano siya nakapunta, pero nandoon siya. He flew back just in time for the birth of our daughter. And for the first time, nakita ko sa mga mata niya ang tunay na concern—hindi lang para sa akin, kundi para din sa anak namin.

Napaluha ako noong nakita kong kinarga niya ang baby namin. Parang may nabago sa akin noong time na `yon. Naisip ko rin habang nakatingin sa mag-ama ko, hindi na siguro dahil sa guilt kaya siya nasa tabi ko. Tatay na siya. Magulang na kami.

Hindi siya agad bumalik sa London pagkatapos kong manganak. Inalagaan niya kami ng baby. Ramdam ko ang pagod niya, pero hindi siya umaalis sa tabi ko. Nagsimula kaming mag-usap

nang mas matagal, mas malalim. Hindi lang tungkol sa baby, kundi tungkol sa buhay, trabaho, at kahit sa past.

For the first time, napag-usapan namin `yong gabi na may nangyari sa amin—ang gabing iyon na nagsimula ng lahat ng ito, noong nabuo ang anak namin. At kahit pareho kaming agree na hindi tama ang ginawa namin, pareho din naming naisip na maganda ang kinalabasan—ang baby namin, si Gail.

Sa mga sumunod na araw, parang mas naging magaang at natural ang pagsasama namin. Hindi na kami parang dalawang strangers na pinilit magpakasal. Nagsimula si Lucas maglaan ng mas madaming oras sa Pilipinas; back and forth siya sa London

para makasama kami. Almost every other month umuuwi siya. Every time na magkakasama kami, mas nakikita ko `yong guy behind the guilt and responsibility. Ang bait niya, chill lang, at sobrang thoughtful din. Hindi siya nagmamadali, hindi niya ako pinilit sa kahit ano. He just… was there.

I guess that's when it happened. Sobrang miss na miss ko siya kapag aalis na siya at excited akong bumalik siya. `Tapos pinapangarap ko nang may mangyari ulit sa amin. I started falling for him. Hindi biglaan. Iba. Mas steady, mas mabagal, pero mas totoo. Na-appreciate ko ang mga maliliit na bagay na ginagawa niya para sa amin ng anak niya. Mga bagay na hindi ko napansin noon. Na-realize ko, hindi lang niya

ginagawa ang lahat ng `yon out of obligation kundi talagang napapamahal na ako sa kanya.

Isang gabi, pagkatapos naming patulugin si Gail, nag-dinner kami. Kaming dalawa lang. May comfortable silence sa pagitan namin. At for the first time in a long time, I felt at peace. `Tapos biglang nagsalita si Lucas.

"I've always thought you were kind and beautiful," sabi niyang medyo nailang, nag-iwas ng tingin. "Kahit no'ng kayo pa ni Marco... pero off-limits ka no'n. Pero kahit noon, palagi kong naiisip na ang suwerte niya sa `yo."

Hindi ako nakapagsalita agad. Nagulat ako sa mga sinabi niya. Hindi ko alam na ganoon ang tingin niya sa akin dati pa.

Noon ko na-realize na siguro mas nauna pa siyang na-in love sa akin. Nakikita ko sa mga mata niya. Hindi ko rin kayang bale-walain ang dedication niya sa pamilya namin. Ang effort niyang pauwi-uwi, at ang pag-aayos niya ng papers para makasunod na kami sa London.

Sa gabing iyon, natuloy na ang proper honeymoon namin. Grabe ang kilig ko hanggang ngayon kapag naaalala ko. This time, it was tender, real, and so much more meaningful. It was magical. Wala nang awkwardness at all. Grabe, naloka ako noong gabing `yon sa sarap.

Kinabukasan, nagising akong nakayakap sa kanya. Sa asawa ko. At hindi na ako confused. Sobrang

ginhawa ng pakiramdam ko. At after a few months, nakarating na rin kaming London. Nandito na kami ngayon. Nasundan na rin si Gail.

As for Marco, nag-sorry siya sa akin pero hindi na kami nagkita after that since sa Pilipinas siya based. Totally wala na akong feelings sa kanya. Sabi ni Lucas, wala daw issue sa kanya na ex ako ng kapatid niya. Basta daw mahal niya ako for everything that I am.

Hindi ko inasahan ang lahat ng ito. Kung noon may nagsabi sa akin na si Lucas ang makakatuluyan ko, siguro natawa pa ako. Pero ngayon, kapag tinitingnan ko ang mag-aama ko, palagi kong naiisip na hindi pala sa lahat ng pagkakataon nasusunod ang mga plano natin. At kung minsan, `yon pa mismo

ang dahilan kaya nagiging makulay at masaya ang buhay.